

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan - Modyul 2 Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng Tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya



**Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan- Modyul 2: Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng Tao sa
Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Juliet T. Cipriano

Editor: Lucrecio Oliver

Tagasuri: Marlon V. Marco

Tagaguhit: Chloe Aemanuelle R. Susana at Co Kie L. Salce

Tagalapat:

Tagapamahala: Dr. Arturo B. Bayocot, CESO III (Regional Director)

Co-Chairpersons: Dr. Victor G. De Gracia Jr. CESO V (Asst. Regional Director)
Randolph B. Tortola, PhD. CESO IV (SDS-Division of Bukidnon)
Shambaeh A. Usman, PhD. (ASDS-Division of Bukidnon)

Mala Epra B. Magnaong, Chief ES, CLMD

Neil A. Improgo, EPS-LRMS

Bienvenido U. Tagolimot, Jr., EPS-ADM

Members: Elbert R. Francisco, PhD, Chief ES, CID

Nancy B. Panistante, EdD, EPS in Edukasyon sa Pagpapakatao

Rejynne Mary L. Ruiz, PhD, LRMS Manager

Jeny B. Timbal, PDO II

Shella O. Bolasco, Division Librarian II

**Inilimbag sa Pilipinas ng: Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Sangay ng
Bukidnon**

Office Address: Fortich Street, Sumpong, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan - Modyul 2 Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng Tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya

Ang modyul na ito ay sama-samang binuo at sinuri ng mga edukador sa mga publikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa bukidnon@deped.gov.ph.

Pinahahalagahan naming ang inyong mga puna at mungkahi.

Talaan ng Nilalaman

Pahina

Cover Page

Cover Page

Title Page

Talaan ng Nilalaman

Paunang Salita

Alamin 1

Subukin 2-3

Balikan 4

Tuklasin 4-5

Suriin 6-8

Pagyamanin 9

Isaisip 10

Isasagawa 11

Karagdagang Gawain 12

Huling Pagtataya 13-14

Susi sa Pagwawasto 15

Sanggunian 16

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Ang Pagkukusa ng makataong Kilos at Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa araling Paghubog ng Konsensiya Batay sa Likas na Batas Moral.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

	Alamin	Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.
	Subukin	Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.
	Balikan	Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.
	Tuklasin	Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.
	Suriin	Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.
	Pagyamanin	Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.
	Isaisip	Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.
	Isagawa	Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.
	Tayahin	Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.
	Karagdagang Gawain	Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.
	Susi sa Pagwawasto	Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

<i>Sanggunian</i>	Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.
--------------------------	---

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Aralin

Mga Salik na Nakaaapekto sa Pananagutan ng Tao sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya



Alamin



May pagkakataon ba na napakababa ng iyong iskor sa pasulit dahil hindi ka nakapag-aral? Nakapagsinungaling ka ba dahil sa takot? Nagmura (namalikas) ka ba dahil sa pagkagulat? Nanakit ka ng kaklase dahil sa kanyang pambubulas (bullying)? Isa ka ba sa palaging pumapasok ng huli sa klase?

Sa araling ito makikilala mo ang mga salik na nakaaapekto sa pananagutan ng tao sa kahihinatnan ng kanyang kilos at pasiya. Sa mga tanong na binanggit sa itaas, may ideya ka na ba kung ano ang mga salik na ito?



Subukin



Eksayted ka bang malaman kung gaano karami ang iyong nalalaman? Relaks lang at sundin ang panuto.

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pahayag at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng iyong napiling sagot sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 (EsP 10).

1. Alin sa mga sumusunod ang kilos dahil sa takot?
 - a. Ang pagliban sa klase at naglaro ng computer games
 - b. Ang pagsisinungaling sa bagsak na marka sa paaralan
 - c. Ang pagbigay ng lahat ng koleksiyon mo bilang Treasurer ng klase, sa isang holdaper
 - d. Ang pagsagawa ng self quarantine laban sa COVID 19
2. Alin sa sumusunod and tunay na dahilan kung bakit hindi mapanagutan ang kilos dahil sa karahasan?
 - a. Kung nagkaroon ang tao ng sapat na paraan upang labanan ang karahasan
 - b. Kung napilitan lang ang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kanyang kilos- loob at pagkukusa
 - c. A at B
 - d. Wala sa nabanggit
3. Alin sa mga sumusunod ang gawain na paulit-ulit na isinasagawa at naging bahagi na ng sistema ng buhay sa araw-araw?
 - a. Takot
 - b. Gawi
 - c. Karahasan
 - d. Masidhing damdamin
4. Alin sa mga sumusunod ang bawas ang pananagutan dahil sa damdamin?
 - a. Pagbibigay ng regalo sa napupusuan
 - b. Pagsugod sa nakaalitan ng iyong nakakabatang kapatid
 - c. Pagsuntok sa barkada dahil sa biglaang panloloko
 - d. Panlilibre sa mga kaibigan dahil pagiging honor student
5. Alin sa sumusunod ang walang pananagutan dahil sa kamangmangan?



- a. Pagtawid sa kalsada kung saan ipinagbabawal ang pagtawid, ng isang taong baguhan pa lamang nakarating sa siyudad.
- b. Pagbasag sa salamin ng sasakyan ng isang taong wala sa matinong pag-iisip.
- c. Pagkakaroon ng bagsak sa mga asignatura dahil sa pagiging working student.
- d. Pananahimik sa isang krimen na iyong nasaksihan.

B. **Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Sagutin ng **TAMA** kung ang ipinapahayag ay tama at sagutin ng **MALI** kung ang ipinapahayag ay mali. Isulat ang sagot sa kuwaderno sa asignaturang EsP 10.

- _____ 6. Ang kamangmangan ay tumtutukoy sa kawalan o kasalatan ng kaalaman na dapat taglay ng tao.
- _____ 7. Kung ang kamangmangan ay kayang baguhin sa pamamagitan ng isang masakap na paraan na alamin ang isang bagay bago gawin, walang kapanagutan sa kanyang kilos.
- _____ 8. Nawawala ang pananagutan ng isang tao sa kilos na ginawa dahil sa takot.
- _____ 9. Kung ang takot ay makapagdadala sa isang tao ng pansamantalang kaguluhan ng isip at mawala ang kakayahang makapag-isip ng wasto, ang pananagutan ay nawawala.
- _____ 10. Kung ang isang gawa o kilos ay nakasanayan na, nawawala ang pananagutan ng isang tao.
- _____ 11. Ang karahasan ay pagkakaroon ng panlabas na puwersa upang pilitin ang isang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kanyang kilos-loob at pagkukusa.
- _____ 12. Hindi maaaring mawala ang pananagutan ng kilos o gawa na may impluwensiya ng karahasan.
- _____ 13. Ang gawi ay hindi kailanman nakapagpapawala ng kapanagutan sa kahihinatnan ng makataong kilos.
- _____ 14. Ang masidhing damdamin ay normal na damdamin kaya walang pananagutan ang tao sa kahihinatnan ng kanyang kilos.
- _____ 15. Bago pa isagawa ang kilos ay dapat na magkaroon ng panahon upang labanan nang mas mataas na kakayahan-ang isip upang mawala ang sidhi ng damdamin.



alikan

O ano? Nahirapan ka ba? Kumusta ang iyong iskor? Kung hindi umabot sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot ok lang yan. Huwag mabahala. Maging tapat lang sa iyong gagawin at siguradong magkakaroon ng paglago sa iyong matututuhan. Kung ang nakuha mo ay higit sa kalahati pataas, magaling dahil nasa lebel ka na patungo sa pagiging bihasa. Kaya patuloy na tuklasin ang mahahalagang kaalaman, at kasanayan sa aralin.

Paano? Sundin at gawin ang mga gawain sa mga aralin na tatalakayin.

Naalaala mo pa ba ang mahalagang konsepto na nabuo mo sa nakaraang Modyul? Ano nga ba ang makataong kilos? Di ba napatunayan natin na ang makataong kilos ay sinadya at niloob ng tao gamit ang isip, kaya pananagutan niya ang kahihinatnan nito kabutihan man o kasamaan. Ang pananagutan ay nararapat na may kaalaman at kalayaan sa piniling kilos upang masabing ang kilos ay may pagkukusa. Ang bigat ng pananagutan sa kinakaharap na sitwasyon ng isang makataong kilos ay nakabatay sa bigat ng kagustuhan o pagkukusa. Kung mas mataas ang digri ng pagkukusa, mas mabigat ang pananagutan. Kung mababa ang digri ng pagkukusa, mas mababa ang pananagutan.



Tuklasin



Ano-ano nga ba ang mga salik na nakaaapekto sa pananagutan ng tao?

Gawain 1

Panuto: Pag-aralan ang mga sitwasyon. Gabay ang pormat, tukuyin ang mga salik na nakaaaapekto sa pananagutan ng tao na naging dahilan kung bakit naging mahina ang tauhan sa pagpili ng mabuting opsiyon at hindi naging mapanagutan ang kanyang kilos. Isulat ang inyong sagot sa inyong kuwaderno para sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10. Ang mga salik ay kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan, at gawi.

Sitwasyon 1

Si Linda ay laging huli sa klase dahil palagi siyang matagal gumising sa umaga.

Salik

Pananagutan ng Tauhan

Sitwasyon 2

Nakasanayan ni Noel ang mag-inat at humikab. Isang araw, habang nagtuturo ang kanilang guro ay napalakas ang paghikab niya, kaya nagalit ang kanilang guro.

Salik

Pananagutan ng Tauhan

Sitwasyon 3

Nagkaroon ng fire drill sa paaralan. Sa lahat ng mag-aaral sa klasrum. si Sandra lamang ang hindi dumaan sa pintong dapat daanan ng mga mag-aaral kaya ipinatawag siya ng kanyang guro. Napag-alaman na hindi pala siya dumalo sa ginawang orientation para sa gaganaping fire drill sa paaralan.

Salik

Pananagutan ng Tauhan

Sitwasyon 4

Papauwi na galing sa paaralan si Lora nang hinarang siya ng mga tambay at sapilitang kinuha ang kanyang pera. Sa sobrang nerbiyos ay naibigay niya ang perang mula sa koleksiyon niya para sa HRPTA Project..

Salik

Pananagutan ng Tauhan

Naglalakad pauwi si Rona ng tangkaing kunin ng snatcher ang bag niya. Hindi niya ito ibinigay at siya'y nanlaban. Bigla niyang naisip na sumigaw at humingi ng saklolo habang nakikipag-agawan ng bag sa snatcher.

Salik

Pananagutan ng Tauhan

Sitwasyon 6

Inanunsiyo ng guro ni Omar sa kanilang klase na siya ay kabilang sa mga magtatapos na nagkamit ng parangal (with high honors) Nang marinig ito ni Omar ay bigla siyang napayakap sa kanyang kaklaseng babae.

Salik

Pananagutan ng Tauhan



Suriin



Nasagot mo bang lahat kung anong salik ang tinutukoy sa bawat sitwasyon?

Pamilyar na ba sa iyo ang mga salik na ito? Mga salik na nakaaapekto sa pananagutan ng tao sa kahihinatnan ng kanyang kilos at pasiya? Ano -ano ba ang mga ito? Paano ito nakaaapekto sa pananagutan ng tao sa kahihinatnan ng kanyang kilos at pasiya?

Basahin at unawaing mabuti ang inihandang mahalagang kaisipan ng modyul na ito.

Mga Salik na Nakaaapekto sa Makataong Kilos

Ang makataong kilos ay maaaring mabawasan o kaya ay mauwi sa pagiging ordinaryong kilos ng tao dahil sa salik na nakaaapekto rito. Ang mga salik ay direktang nakaaapekto o nakapagpapabago ng kalikasan ng isang makataong kilos lalo na sa papel ng isip at kilos-loob. Maari ring mabawasan ang pananagutan ng makataong kilos dahil sa impluwensiya ng mga salik na ito. May limang salik na nakaaapekto sa makataong kilos: ang kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan at gawi.

1. **Kamangmangan.** Ito ay tumutukoy sa kawalan o kasalatan ng kaalaman na dapat taglay ng tao. Ito ay may dalawang uri: **nadaraig** (vincible) **at hindi nadaraig** (invincible).

a. Ang **kamangmangan na nadaraig** ay ang kawalan ng kaalaman sa isang gawain subalit may pagkakataong itama o magkaroon ng tamang kaalaman kung gagawa ng paraan upang malaman at matuklasan ito.

b. Ang **kamangmangan na hindi nadaraig** ay maaring kamangmangan dahil sa kawalan ng kaalaman na mayroon siyang hindi alam na dapat niyang malaman. O kaya naman walang posibleng paraan upang malaman ang isang bagay sa sariling kakayahan o sa kakayahan man ng iba. Naibigay na ang lahat na paraan upang maitama ang kamangmangan. Kung walang paraan upang maitama ang kamangmangan, ang isang gawa ay hindi itinuturing na makataong kilos at walang pananagutan sa bahagi ng gumawa.

Halimbawa: Ang gawa ng isang taong wala sa matinong pag-iisip. Hindi siya mapapanagot sa sirkumstansiyang ito.

Ngunit kung ang kamangmangan na kayang baguhin sa pamamagitan ng isang masikap na paraan na alamin ang isang bagay bago gawin, may kapanagutan na siya sa kaniyang kilos. Maaari lang itong makapagbawas ng kapanagutan dahil sa kaunting kakulangan sa pagsisikap na malabanan ang kamangmangan.

Halimbawa: Ang isang tao na baguhan pa lang lumuwas ng Maynila. Tumawid siya sa kalsada kung saan ipinagbabawal ang pagtawid. Ang kapanagutan sa ginawa niya ay hindi direktang makikita dahil sa kawalan niya ng kaalaman tungkol sa batas ng jaywalking.

2. Masidhing Damdamin.

- Ang masidhing damdamin o passion ay normal na damdamin subalit ang tao ay may pananagutan upang pangasiwaan ang kanyang emosyon at damdamin dahil kung hindi, ang mga emosyon at damdaming ito ang mangangasiwa sa tao.

- Tumutukoy ito sa masidhing pag-asam o paghahangad na makaranas ng kaligayahan o kasarapan at pag-iwas sa mga bagay na nagdudulot ng sakit o hiras.

Halimbawa:

- | | |
|----------------|-----------------|
| 1. Pag-ibig | 7. pagnanasa |
| 2. Pagkamuhi | 8. desperasyon |
| 3. Katuwaan | 9. kapangahasan |
| 4. Pighati | 10. pangamba |
| 5. Pagkasindak | 11. galit |
| 6. Pagkasuklam | 12. pagnanais |

- Bago pa isagawa ang kilos ay dapat na magkaroon ng panahon upang labanan nang mas mataas na antas na kakayahan-ang isip- upang mawala ang sidhi ng damdamin.

- Ang paghubog ng mga positibong damdamin at maayos na pagtanggap sa mga limitasyon sa buhay ay isang daan upang mapangasiwaan ang damdamin.

3. Takot.

- Ang pagkatakot ay isa sa mga halimbawa ng masidhing silakbo ng damdamin.
- Ito ay ang pagkabagabag ng isip ng tao na humarap sa anumang uri ng pagbabanta sa kanyang buhay o mga mahal sa buhay.
- Tumutukoy din ito sa pagpataw ng puwersa gaya ng pananakit o pagpapahirap upang gawin ng isang tao ang kilos na labag sa kanyang kalooban.
- Kung minsan sa ating buhay dahil sa takot kaya nagawa natin ang isang bagay. Sa ganitong sitwasyon, hindi nawawala ang pananagutan ng tao sa kilos na ginawa kundi nababawasan lamang.
- Halimbawa, ikaw ay saksi sa isang naganap na pagnanakaw ng iyong siga na kaklase sa pitaka ng inyong guro. Pinili mong manahimik at magsinungaling sa pag-uusisa ng guro dahil sa takot mong baka ikaw ang gantihan ng iyong kaklase. Nabawasan ang kapanagutan sa pagsisinungaling mo sa sitwasyong ito.
- Kung ang takot ay makapagdadala sa isang tao ng pansamantalang kaguluhan ng isip at nawala ang kakayahang mag-isip ng wasto, ang pananagutan ay nawawala.

4. Karahasan.

- Ito ay ang pagkakaroon ng panlabas na puwersa upang pilitin ang isang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kanyang kilos-loob at pagkukusa.
- Maaaring mawala ang pananagutan ng kilos o gawa na may impluwensiya ng karahasan. Ito ay kung nagkaroon ang tao ng sapat na paraan upang labanan ang karahasan subalit nauwi sa wala at mas nasunod ang kalooban ng labas na puwersa.
- Kailangan maglapat ng ibang paraan sa gitna ng karahasan bago masabing hindi ka mapanagot.

Mga halimbawa ng karahasan :

1. Pambubulas (bullying)
2. Pambubugbog
3. Panghihiya o pisikal na sinasaktan ang isang taong mahina sa harap ng karamihan

5. Gawi.

- Ang mga gawain na paulit-ulit na isinasagawa at naging bahagi na ng sistema ng buhay sa araw-araw ay itinuturing na gawi (habits).
 - Kung ang isang gawa o kilos ay nakasanayan na, nababawasan ang pananagutan ng isang tao ngunit hindi ito nawawala.
- Halimbawa nito ay ang pagmumura (pamalikas) na naging pang-araw-araw ng ekspresyon ng isang tao. Mapapanagot ka pa rin dahil nagsimula ito bilang kusang pagsasalita nang hindi maganda at nakasanayan na lamang.
- Ang gawi ay hindi kailanman nakapagpapawala ng kapanagutan sa kahihinatnan ng makataong kilos.
- Ang gawi ay masama kahit ito man ay maging isang uri ng kilos ng tao (act of man) dahil sa pinakaunang pagkilos nito ay may pag-iral ng kaalaman at kilos-loob.

Laging tandaan, ang bawat kilos na niloob ng tao ay may kakabit na pananagutan ngunit ang mga salik na ito ay nakakabawas o nakakawala ng pananagutan sa kahihinatnan ng kilos at pasiya depende sa sitwasyon.



Pagyamanin



Matapos mong basahin ang napakayaman na mga kaisipan, suriin ang mga sitwasyon kung ang mga ito ay nagpapahayag ng may pananagutan, walang pananagutan o nabawasan ang pananagutan.

Gawain 2

Panuto: Isulat ang **MP** kung ang sitwasyon ay nagpapahayag ng may pananagutan, **WP** kung walang pananagutan, at **NAP** kung nabawasan ang pananagutan. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10.

- _____ 1. Palaging huli sa pasok sa eskuwelahan si Jules dahil palagi siyang matagal gumising sa umaga.
- _____ 2. Binugbog ni Hugo ang isang kaeskwela dahil inutusan siya ng isang leader ng gang at binantaan siya na bubugbugin kung hindi niya susundin.
- _____ 3. Napasigaw si Cristy ng malakas habang nagtuturo ang guro dahil may nahulog na butiki sa kanyang mukha.
- _____ 4. Itinago mo at hindi na isinauli ang pitakang naiwan ng iyong kaklase sa inyong silid aralan.
- _____ 5. Habang naglalakad sa makipot na eskinita inabangan si Mar ng holdaper at sapilitang kinukuha ang kanyang pitaka at celfon. Tumakbo ngunit inabutan siya kaya't napilitan siyang lumaban lalo na ng nakita niya na bumunot ito ng kutsilyo. Natiyempuhan niya ang malaking kahoy at buong lakas na inihampas sa holdaper na naging sanhi ng pagkalugmok nito at pagkabagok ng ulo sa pader na semento.
- _____ 6. Binasag ng taong wala sa matinong pag-iisip ang mamahaling banga sa may bukana ng hotel.
- _____ 7. Hindi mo naipasa sa takdang oras ang iyong proyekto dahil walang nakapagsabi sa iyo at wala kang alam sa napagkasunduan ng iyong guro at mga kaklase.
- _____ 8. Sa sobrang saya dahil sa pagkapasa sa Board Exam ay napakayap si Eman sa kanyang katabing babae.
- _____ 9. Napasipol ng malakas si Abner nang may napadaan na magandang dalaga.
- _____ 10. Pagmumura (pamalikas) ng manlalaro sa tuwing sumimplang siya sa pagpalo ng bola.



Isaisip



Anong mahalagang kaisipan ang natutunan mo sa aralin? Punan ang mga patlang ng angkop na sagot upang upang mabuo ang mahalagang kaisipan. Isulat sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ang iyong mga sagot. Unawain at sundin ang panuto.

Gawain 3

Panuto: Punan ang mga patlang ng angkop na sagot upang upang mabuo ang mahalagang kaisipan. Isulat sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ang iyong mga sagot.

1. May _____ salik na nakaapekto sa _____ kilos: ang _____, _____, _____, _____ at _____.

2. Isulat ang mahalagang kaisipan na iyong natutuhan sa aralin na ito tungkol sa mga salik na nasa loob ng kahon, Limitahan ang iyong sagot hanggang dalawang pangungusap lamang. Isulat mo ang mga ito sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10.

kamangmangan

takot

karahasan

masdihing damdanin

gawi



Isagawa



Malapit mo ng matapos ang mga mahalagang gawain sa modyul na ito para sa pag-unlad ng iyong kaalaman at kasanayan.
Matapat na sagutin ang nakalaang gawain.

Gawain 4

Panuto:

1. Basahing mabuti sa unang kolum ang sitwasyong nagpapakita na naapektuhan ng mga salik ang pananagutan ng tao, at may sitwasyon din na nagpapakita na walang kapanagutan ang kilos.
2. Isulat sa ikalawang kolum ang pananagutan ng kilos (wala, nawala o nabawasan).
3. Isulat sa ikatlong kolum ang paraan na maaari mong gawin upang hindi ka maapektuhan ng mga salik sa makataong kilos.
4. Gawin ito sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10.
5. Sundan ang halimbawang ibinigay.

Sitwasyong mayroong salik na nakaaapekto sa papanagutan ng tao sa kahihinatnan ng kilos at pasiya	Pananagutan: Wala, Nawala o Nabawasan	Paraan na maaring gawin upang hindi maapektuhan ng mga salik sa makataong kilos.
Halimbawa:	nabawasan	Mag-isip bago gawin ang isang bagay at gawin ang lahat na

Nang-omit ka ng pagkain sa canteen dahil inutusan ka at binantaan ng iyong sigang kaklase.		paraan na huwag gawin ang ipinag-uutos na masama.
1. Bagong dating ka sa siyudad at hinuli ka ng pulis dahil tumawid ka sa daan kung saan ipinagbabawal ang pagtawid.		
2. Pinagalitan ka ng iyong guro at dinala ka sa guidance office dahil sa palagi mong pagmumura (pamalikas).		
3. Bigla mong sinampal ang iyong kaklase dahil sa panunukso niya sa iyo.		
4. Nanlaban ka sa snatcher. Nagpambuno kayong dalawa dahil pilit niyang kinukuha sa iyo ang iyong mamahaling celfon. Di sinadya ay naiuntog mo siya sa nakausling pako sa pader. Duguan ang snatcher na tumakbong palayo.		
5. Bigla kang humikab habang masiglang nagtuturo ang inyong guro.		



Karagdagang Gawain



Sana naman maisaisip at maisapuso mo ang mga mahahalagang kaisipan na natalakay sa araling ito. Sikaping huwag maapektuhan ng mga salik na nakaaapekto sa pananagutan ng tao sa kahihinatnan ng kilos at pasiya. Okey ka pa ba? Ihanda ang sarili sa mga dagdag gawain na makatutulong sa iyo sa pag-unlad ng iyong pagkatao.

Gawain 5

Panuto: Maglahad ng tatlong sitwasyon na iyong naranasan kung saan may salik na nakaaapekto sa pananagutan mo sa kinahinatnan ng iyong kilos at pasiya. Isulat ito sa unang kolum. Sa Ikalawang kolum naman ay isulat kung anong salik ang nakaaapekto sa pananagutan. Isulat sa ikatlong kolum kung natuwa ka ba o hindi Bakit? Sundan ang halimbawa na ibinigay. Isulat ang sagot sa kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10.

Sitwasyon batay sa karanasan	Salik sa nakaaapekto sa pananagutan	Natuwa ka ba? Bakit?
Halimbawa: Nasuntok ko ang aking kaklase dahil sa ginawa niyang panloloko sa akin.	Masidhing damdamin	Hindi ako natuwa dahil hindi ko nais na manakit ng aking kapwa. Ayaw ko ng gulo.
1.		
2.		
3.		

Huling Pagtataya

May pag-unlad kaya sa iyong kaalaman sa araling iyong napag-aralan? Saguting muli ang mga inihandang katanungan. Sundin ang panuto.



Panuto: Basahing mabuti ang bawat pahayag at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng iyong napiling sagot sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 (EsP 10).

1. Alin sa sumusunod ang walang pananagutan dahil sa kamangmangan?
 - a. Pagtawid sa kalsada kung saan ipinagbabawal ang pagtawid, ng isang taong baguhan pa lamang nakarating sa siyudad.
 - b. Pagbasag sa salamin ng sasakyan ng isang taong wala sa matinong pag-iisip.
 - c. Pagkakaroon ng bagsak sa mga asignatura dahil sa pagiging working student.
 - d. Pananahimik sa isang krimen na iyong nasaksihan.
2. Alin sa mga ito ang kilos dahil sa takot?
 - a. Ang pagliban sa klase at naglaro ng computer games
 - b. Ang pagsisinungaling sa bagsak na marka sa paaralan
 - c. Ang pagbigay ng lahat ng koleksiyon mo bilang Treasurer ng klase, sa isang holdaper
 - d. Ang pagsagawa ng self quarantine laban sa COVID 19
3. Ang tunay na dahilan kung bakit hindi mapanagutan ang kilos dahil sa karahasan?
 - a. Kung nagkaroon ang tao ng sapat na paraan upang labanan ang karahasan
 - b. Kung napilitan lang ang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kanyang kilos- loob at pagkukusa
 - c. A at B
 - d. Wala sa nabanggit
4. Ito ay tumutukoy sa mga gawain na paulit-ulit na isinasagawa at naging bahagi na ng sistema ng buhay sa araw-araw.
 - a. Takot
 - b. Gawi
 - c. Karahasan
 - d. Masidhing damdamin
5. Alin sa mga sumusunod ang bawas ang pananagutan dahil sa damdamin?
 - a. Pagbibigay ng regalo sa napupusuan
 - b. Pagsugod sa nakaalitan ng iyong nakakabatang kapatid
 - c. Pagsuntok sa barkada dahil sa biglaang panloloko
 - d. Panlilibre sa mga kaibigan dahil pagiging honor student

B. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Sagutin ng TAMA kung ang ipinapahayag ay tama at sagutin ng MALI kung ang ipinapahayag ay mali.

- _____6. Bago pa isagawa ang kilos ay dapat na magkaroon ng panahon upang labanan nang mas mataas na kakayahan-ang isip upang mawala ang sidhi ng damdamin.
- _____7. Ang kamangmangan ay tumtutukoy sa kawalan o kasalatan ng kaalaman na dapat taglay ng tao.
- _____8. Kung ang kamangmangan ay kayang baguhin sa pamamagitan ng isang masikap na paraan na alamin ang isang bagay bago gawin, walang kapanagutan sa kanyang kilos.
- _____9. Nawawala ang pananagutan ng isang tao sa kilos na ginawa dahil sa takot.
- _____10. Kung ang takot ay makapagdadala sa isang tao ng pansamantalang kaguluhan ng isip at mawala ang kakayahang makapag-isip ng wasto, ang pananagutan ay nawawala.
- _____11. Kung ang isang gawa o kilos ay nakasanayan na, nawawala ang pananagutan ng isang tao.
- _____12. Ang karahasan ay pagkakaroon ng panlabas na puwersa upang pilitin ang isang tao na gawin ang isang bagay na labag sa kanyang kilos-loob at pagkukusa.
- _____13. Hindi maaaring mawala ang pananagutan ng kilos o gawa na may impluwensiya ng karahasan.
- _____14. Ang gawi ay hindi kailanman nakapagpapawala ng kapanagutan sa kahihinatnan ng makataong kilos.
- _____15. Ang masidhing damdamin ay normal na damdamin kaya walang pananagutan ang tao sa kahihinatnan ng kanyang kilos.



Susi sa Pagwawasto

Ooops!!! Sa bahaging ito ay masusubok mo ang iyong pagiging tapat hindi lang sa iyong guro, sa iyong sarili, kundi lalo't higit sa ating Diyos na Banal na hindi nalulugod na makita ang bawat isa sa atin na lumalabag sa batas na magbibigay sa atin ng pagkakataon o oportunidad na maging tunay na makatao at maka-Diyos. Dagdag pa nito ay ang kaligayahang dulot na iyong mararamdaman dahil sa iyong katapatan at dahil diyan kami na mga tagapag-padaloy ng karunungan ay lubos din na masisiyahan at makakaramdam ng tunay na tagumpay.

Subukin/Tayahin 1. C 2. C 3. B 4. C 5. B 6. TAMA 7. MALI 8. MALI 9. TAMA 10. MALI 11. TAMA 12. MALI 13. TAMA 14. MALI 15. TAMA ARALIN Tuklasin Gawain 1 Ang pagmamarka ay depende sa guro.	Pagymanin Gawain 2 1. NAP 2. NAP 3. WP 4. MP 5. WP 6. WP 7. NAP 8. NAP 9. NAP 10. NAP Isaisip Gawain 3 1. Limang; makataong; kamangmangan, masidhing damdamin; takot; karamasan at gawi 2. Dalawang (2) puntos sa bawat tamang sagot. Sumanaguni lamang sa bahaging Suriin ng Aralin para sa tamang sagot.	Isagawa Gawain 4 Ang pagmamarka ay depende sa guro Karagdagang Gawain Gawain 5 Nakadepende sa guro ang pagmamarka Huling Pagtataya 1. B 2. C 3. C 4. B 5. C 6. TAMA 7. TAMA 8. MALI 9. MALI 10. TAMA 11. MALI 12. TAMA 13. MALI 14. TAMA 15. MALI
--	--	---

Sanggunian

1. “Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Modyul Para sa Mag-aaral” Kagawaran ng Edukasyon, Republika ng Pilipinas, Unang Edisyon 2015

2. “Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Gabay sa Pagtuturo” Kagawaran ng Edukasyon, Republika ng Pilipinas, Unang Edisyon 2015

Mula sa Internet

<https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=vKGAy7Oc&id=47D09688DBAAC066AA6BA1879CFBF34BE438A138&thi>

<https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=npG7CaKm&id=668C393C57DE454A4D17DA6205889749AFF8B944&>

<https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=rFih%2fuyp&id=30B9689CF4CBBBD4A214AE62644CCCF81362540E&thi>

<https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=0z%2fZ1ZTq&id=C2D841AFA0D4B07F0CEA194B824F136ACB169B13&t>

<https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=nnWYBQc5&id=9C038713B52D4BDD927DD85F0E753E56D7EB>

<https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=QaU2WCZq&id=E43B9AAE7B00C5DC04899AEB589EB996A8C8B1C0&>

Para sa mga Tanong at Puna, maaari na sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Kawanihan ng mga Kaalaman

Office Address: Fortich Street, Sumpong, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph